# Bus terminal sa QC, ipinasara

Balita · 8 Nov 2019 · 2 · Jun Fabon

Ipinasara ng Quezon City government ang terminal ng Baliwag Transit, Incorporated (BTI) sa nasabing lungsod dahil sa pekeng permit nito.

Mismong si Mayor Joy Belmonte ang nag-serve ng closure order sa tulong na rin ng mga tauhan ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA).

Bukod sa EDSA-North Avenue, ipinasara rin ang terminal nito sa EDSA-Kamias.

Dahil dito, iniutos ng alkalde na imbestigahan ang lahat ng bus terminal sa lungsod at kapag mapatunayang lumabag sa ordinansa ay matutulad din ang mga ito sa sinapit ng BTI.

Tiniyak naman ni Business Permit ang Licensing Office (BPLO) chief, Margie Santos, na walang makalulusot na mga nagosyo sa QC kapag peke ang papeles ng mga ito.

Binanggit pa ng alkalde na nilabag ng nasabing bus company ang Ordinance SP-91, S-93 o ang Quezon City Revenue Code of 1993.